2 PRIBADONG PABAHAY

◆ Proyektong Pansuporta para sa Maginhawang Paupahan ng Hiroshima Prefecture

Ito ay isang proyektong nakatuon sa pagbigay ng suporta sa pabahay sa pamamagitan ng business operators (mga kalakal na sumusuporta) na nagsusuporta sa paninirahan at tumutulong sa paghahanap ng pribadong pabahay na maaaring rentahan ng mga mamamayang may mababang kita, mga biktima ng kalamidad, matatanda, mga taong may kapansanan, sambahayang nagpapalaki ng bata, mga dayuhan, at iba pang taong nangangailangan ng espesyal na konsiderasyon sa pagtamo ng pabahay (na tatawaging “mga taong kailangan ng pagsasaalang-alang sa pagtamo ng pabahay” mula rito).

① Taong sakop sa pagtuloy sa tirahan

Taong palagiang makakapagbayad ng upa sa bahay ng pribadong paupahang pabahay, at makakapamuhay nang may kasarinlan sa loob ng komunidad (Kasama rin ang taong maaaring magsarili sa pamamagitan ng pagtanggap ng suporta sa tirahan.)

② Pagbibigay ng nakarehistrong impormasyon

Kategorya	Nilalaman ng impormasyon
Mga kalakal na sumusuporta	Mga business operators o kalakal na tumutulong sa paghahanap ng pribadong pabahay na maaaring tuluyan ng mga taong kailangan ng pagsasaalang-alang sa pagtamo ng pabahay
Sumusuportang organisasyon	Pribadong organisasyon tulad ng NPO, social welfare corporation at iba pa, na nagbibigay ng suporta sa paghahanap ng tirahan para sa mga taong kailangan ng pagsasaalang-alang sa pagtamo ng pabahay

Mangyaring tiyakin sa homepage ang nakarehistrong impormasyon.

Proyektong Pansuporta para sa Maginhawang Paupahan ng Hiroshima Prefecture
Hiroshima prefecture homepage:
https://www.pref.hiroshima.lg.jp/soshiki/108/ansintintai2018.html